



OKTUBRE 1, 2013

- Ipinagbabawal ng batas ng lungsod ang lahat ng mga minsanan lamang na ginagamit na plastik na bag na pang-checkout
- Kinakailangang mayroong singil na 10¢ para sa bawa't isang bag na pang-checkout na ibibigay

Ang mga kinakailangan mong malaman tungkol sa Ordenansa sa Bag na Pang-Checkout

- Naaangkop para sa lahat ng mga lugar na kainan simula 10/1/2013 at sa mga tindahan simula 10/1/2012
- Nangangailangan ng hindi bababa sa 10¢ na singil para sa lahat ng mga bag na pang-checkout na maaaring gamitin
- Ang singil ay kinakailangang kahiwalay na ipinapakita sa resibo ng mamimili
- Pinapayagan ang mga tindahan at mga iba pang lugar ng kalakal na itago para sa kanilang sarili ang sukli
- Ang singil ay hindi ipapatong sa mga mamimili na gumagamit ng EBT, WIC, SNAP, at food stamp na programa

Mayroong tatlong uri ng mga bag na pang-checkout na aprubado:

- Mga bag na plastik na maaaring magamit sa pang-aabono at mayroong tatak ng sertipikasyon
- Mga bag na papel na may tatak na hindi kukulangin sa 40% na gamit na't ni-recycle na mga materyales
- Mga bag na pang-checkout na maaari pang muling gamitin na idinesenyo upang magamit nang hindi kukulangin sa 125 beses at maaari siyang hugasan

Mga bag na mayroong 10¢ na singil:

- Mga aprubadong bag na pang-checkout para sa mga pagkaing iuuwi galing sa tindahan at mga pagkaing ipinapadala sa iyong kinalalagyan

Mga bag na WALANG 10¢ na singil:

- Mga bag na ginagamit para sa mga walang balot na inihandang pagkain katulad ng mga pagkain sa panaderia o popcorn
- Mga bag na ginagamit para ilagay ang mga pagkain, karne o isda na pinalamig sa freezer
- Mga bag na ginagamit para sa mga bagay na marami kapag binili katulad ng mga gulay at prutas, mga kendi, mga mani, mga cereal atbp.
- Mga bag na ginagamit para hindi masira ang isang bagay o kaya ay para hindi magkahalo-halo ang mga iba't-ibang mga bagay na nakalagay sa magkasamang bag, katulad ng mga bag na plastik na ginagamit para balutin ang mga lalagyan ng sopas
- Mga bag na lalagyan para sa mga hindi naubos na pagkain sa mga kainan (mga "doggy bag")

Para sa mga impormasyon na may karagdagan pang detalye, bumisita po lamang sa sfenvironment.org/checkoutbag o kaya ay tawagan ang SF Environment sa (415) 890-2962

Tingnan ang likuran para sa mga kasagutan sa mga katanungang madalas itanong tungkol sa ordenansa sa bag na pang-checkout





Ordenansa Tungkol sa Pang-Checkout na Bag

Ano ang layunin ng Ordenansa sa Pang-Checkout na Bag?

Ang layunin ng ordenansa na ito ay upang mabawasan ang karamihan ng mga naiipon sa isang siyudad at sa kapaligiran ng mga bag na itinatapon pagkagamit. Ang 10 cent na singil para sa bawat isang bag na pang-checkout ay ipinakitang nakakatulong sa pagbawas ng halos 70-90% ang dami ng mga ginagamit na mga tatapuning bag.

Mayroon ding mga batas na katulad nito ang 75 pang ibang mga komunidad sa California. Makakabawas ng basura at pagkakalat ang ordenansang ito, at pati na rin ng karumihan sa mga programa ng recycling at sa pag-aabono, na siya namang nakakatulong sa pagbawas ng mga gastos sa mga tagapagbayad ng buwis sa San Francisco. Karagdagan pa rito, makakatulong sa pagpapabuti ng kalidad ng tubig sa Bay at sa dagat ang batas na ito sa pamamagitan ng pagbabawas ng karumihan.

Anu-anong mga uri ng negosyo ang mapapasailalim ng ordenansang ito?

Mapapasailalim ng ordenansang ito ang lahat ng mga tindahan sa San Francisco simula Oktubre 1, 2012 at ang lahat ng mga kainan simula Oktubre 1, 2013.

Ang mga may negosyo ba ay kinakailangang maningil nito?

Oo. Ang pinakamaliit na singil ay 10 cents para sa bawat isang bag na pang-checkout. Ang isang negosyo ay maaaring sumingil ng mas mataas pa dito para sa mga bag na pang-checkout na kanilang ibinibigay.

Papaano masusubaybayan ang pagsingil ng 10¢?

Ang singil para sa bag na pang-checkout ay kinakailangang nakatala nang mag-isa at nakalista nang kahiwalay sa resibo ng mamimili. Kinakailangang baguhin ng mga negosyo ang kanilang mga sistema ng Point of Sale (POS).

Papaano maaapektuhan ng ordenansa ang WIC, EBT, SNAP at iba pang mga mamimili na gumagamit ng food stamp na programa?

Ang singil ay hindi ipapatong sa mga negosyo na may kaugnayan sa WIC, EBT, SNAP, at food stamp na programa.

At papaano naman iyong mga bag na ginagamit para maiuwi ang pagkaing binili para iuwi at saka doon sa mga pagkaing idinala sa kanila?

Ang singil para sa bag na pang-checkout ay kinakailangang bayaran ng mga mamimili na tumanggap ng mga pagkaing idinala sa kanila o kaya ay kinuha sa tindahan sa isang bag para lalagyan ng mga iniuwiing pagkain.

Papaano maiiwasan ng mga mamimili ang singil?

Maiiwasan ng mga mamimili ang singil sa pamamagitan ng pagdala ng kanilang sariling bag or kaya ay huwag tumanggap ng bag kapag sila ay bumili ng isang maliit na bagay na madali namang dalhin kahit na hindi gumamit ng bag. Maaari nilang tanggihan ang iniaalok na bag.

Saan napapapunta ang 10 cent na singil?

Itinatago ng mga tindahan at ng mga kainan para sa kanilang sarili ang buong singil para sa bag na pang-checkout upang makatulong sa kanila na mabawi ang kanilang gastos sa pagkakaroon ng mga aprubadong bag.

Anong mangyayari sa mga negosyo na hindi sumusunod sa ordenansang ito?

Ang tutuunan ng pansin una sa lahat ng SF Environment ay edukasyon at sa pagtulong sa mga negosyo upang sila ay makasunod dito. Para doon sa mga nagpupumilit na ayaw sumunod, bibigyan sila ng isang babala, at ang mga multa ay maaaring magkahalaga sa pagitan ng \$100-\$500.

Anu-ano ang mga uri ng bag na maaaring gamitin ng mga negosyo? Saan maaaring bumili ang mga negosyo ng mga bag na aprubado?

Kabilang sa mga aprubadong bag na pang-checkout ay ang mga sumusunod: sertipikadong bag na plastik na maaaring magamit sa pang-aabono na mayroong tatak, mga bag na papel na may tatak na

40% na gamit na't ni-recycle na mga materyales, at mga bag na muling maaaring magamit na idinesenyo para magamit nang hindi kukulangin sa 125 beses at maaaring mahugasan. Pumunta sa sfenvironment.org/checkoutbag para sa karagdagan pang impormasyon tungkol sa mga aprubadong bag at sa sfenvironment.org/bagvendors para sa isang listahan ng mga nagtitinda ng mga bag.

Anu-anong mga paggamit ng bag ang hindi sakop ng ordenansang ito?

Hindi sakop ng ordenansa ang: mga bag na ginagamit para sa walang balot na inihandang mga pagkain o kaya mga pagkaing galing sa panaderia; mga bag na ginagamit para hindi masira ang isang bagay o kaya ay para hindi magkahalo-halo ang iba't-ibang mga bagay na magkasamang nakalagay sa isang bag (katulad ng bag na ginagamit para balutin ang isang lalagyan para hindi tumulo ang mga maiinit na likido); mga bag na ginagamit para sa maraming mga bagay na walang balot katulad ng mga prutas at gulay, mga mani, mga bigas at trigo, o kendi; mga bag na ginagamit para lamnan o balutin ang mga pagkain, karne, o isda na galing sa freezer.

